22. Ama, salamat sa mga kababaihan na naligtas sa pamamagitan ng ministeryo ng TWR Women of Hope sa Benin. (Col. 2:6-7)

23. O Diyos, bigyan Mo ng karunungan ang mga magulang sa Liberia upang mapalaki nila ang kanilang mga anak na may pagkilala, respeto at paggalang sa Iyo, sa Iyong kapangyarihan at kabanalan. (Eph. 6:4)

24. Ang Hope Alive ay isang ministeryo sa Nigeria na aabot sa mga kababaihang nasa lugar ng krisis, nawalan ng asawa, trabaho at tahanan. Nawa ay suportahan ng mga lokal na mananampalataya ang gawaing ito at mapanatiling buhay at matatag ang kanyang layunin. (Luke 6:38)

25. Dalangin namin ang mga tagapakinig ng Women of Hope sa ilang bahagi ng Mali na tinitirhan ng mga religious extremists. Ang programa ay hindi ipinagbabawal, at ang ilang mga militante ay nakikinig dito. Nawa ang Diyos ang mangusap sa puso ng lahat ng mga nakikinig. (Zech. 4:6)

26. Ama, ipagkaloob Mo ang mga kakailanganin ng mga manggagawa ng TWR Women of Hope sa Gabon sa kanilang pagmiministeryo sa mga pisikal at spiritual na pangangailangan ng mga kababaihan doon. (Heb. 13:20-21)

27. Ama, magdulot ka nawa ng katatagan, katapatan at kapayapaan sa mga pamilya sa Côte d'Ivoire dahil sa maraming asawang babae ang nagdurusa sanhi ng kataksilan at pagaasawa ng higit sa isa ng kanilang asawa. (Heb. 13:4)

28. Mahabaging Diyos, samahan Mo ang mga matandang magulang sa West Africa na inabandona ng kanilang mga anak. Mangusap ka sa puso ng mga anak na ito at nawa ay gawin nila kung ano ang tama. (Eph. 6:2)

29. Amang Diyos, mamagitan ka nawa sa buhay ng mga kababaihang Liberian upang makatanggap sila ng mga promosyon at mataas na antas ng trabaho kung saan sila ay kuwalipikado. (Prov. 31:31)

30. Sa 2023 eleksyon sa Nigeria, o Diyos, hiling po namin na pangunahan Mo ang mga tao sa kanilang pagpili ng magiging tagapanguna. Nawa ay maiboto nila ang mga taong may pagkilala sa kaharian ng Diyos. (Prov. 29:2)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

# Women of Hope

Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2022. 11.**

**Panalangin para sa Kababaihan sa Kanluran at Gitnang Africa:**

Ang mga batang Africano ay kadalasang hindi nabibigyan ng pagkakataon na makapag-aral dahil sila ay kinakailangang magtrabaho para sa kanilang pamilya. At ito ay nagiging dahilan upang lalo silang muling maibaon sa kahirapan dahil wala silang pinag-aralan. Sa mga bansang mayroong digmaan, ang mga bata ay namamatay dahil sa kawalan ng nutrisyon. Sama-sama tayong manalanagin na nawa ay kahabagan sila ng Diyos.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

**Nawa'y ipanalangin po natin…**

1. Ama, nawa ay loobin Mo na magtagumpay ang grupo ng TWR Women Hope sa kanilang paghahangad na makipagkaisa at makipagtulungan sa mga simbahan sa Côte d'Ivoire. (Phil. 2:2)

2. Sa ilang komunidad, ang mga biyuda ay kinakailangang magpakasal sa kapatid ng kanilang pumanaw na asawa. O Diyos hinihiling namin na Ikaw ang magtanggol sa kanila at nawa ay maipagkaloob ang kanilang mga pangangailangan. (1 Cor. 7:39)

3. Maraming kababaihan sa Nigeria ang nakatanggap ng Bibliya at radyo. Panginoon, nawa ay makapakinig sila araw-araw sa programa ng Women of Hope at nawa ay maging malapit sila sa Iyo. (Rom.10:17)

4. Ama, nawa ay matigil na ang pagsasagawa ng mga ritual killings sa Liberia at maparusahan ang mga gumagawa nito. Ingatan Mo ang mga tao sa bansang ito, at nawa ay matagpuan nila ng kapayapaan at pag-asa sa Iyo. (Ps. 23)

5. Sa Central African Republic, may mga relihiyon at sekta na gumagamit ng kahirapan para makuha ang loob ng mga tao. Ama, nawa ay sa Iyo tumingin ang mga Kristiyano sa bansang ito para sa masaganang probisyon. (Lev. 26)

6. Panginoon, bigyan Mo ng karunungan ang grupo ng Mali Women of Hope sa kanilang pagtugon sa mga katanungan mula sa mga tagapakinig. Nawa ay sa Iyo sila umasa. (James 1:5)

7. O Diyos, nawa, sa pamamagitan ng Iyong Ebanghelyo at ng Iyong kapangyarihan, ay mabago ang buhay ng mga mananampalataya sa Cameroon upang kanilang maibahagi ang mensahe ng kaligtasan sa mga tao sa kanilang paligid. (Mark 16:15)

8. Panginoon, nawa ang simbahan sa Gabon ay tumindig at balutin sa panalangin ang kanilang bansa upang ang kawalang katarungan, krimen at paganism ay matigil at maipakita ng simbahan ang kanyang sarili na banal at walang bahid sa iyong harapan. (Ezek. 22:30)

9. O Diyos, baguhin Mo ang puso ng mga ama na sumusunod sa mga tradisyon kung saan ang kanilang anak na babae ay pinipilit na maipakasal dahil sa pera na matatanggap ng kanilang mga magulang. (Eph. 6:4a)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. Ama, nawa ay magkaroon ng maayos na daloy ng hustisya sa Liberia para sa mga bilanggong nakulong nang hindi makatarungan. Nawa, ang iyong pag-asa at kapayapaan ang tumulong para maibsan ang kanilang pagdurusa. (Ps. 68:6)

11. Panginoon, palakasin Mo at paigtingin ang kasigasigan ng aming grupo sa Nigera. Magsugo ka nawa ng mga magboboluntaryo upang magsalin ng prayer calendar sa maraming wika ng bansang ito. (Josh. 1:9)

12. O Diyos ipagkaloob Mo ang mga pangangailangan ng mga kababaihan sa Côte d'Ivoire na namumuhay sa kahirapan. Nawa ay makalikha sila ng mga gawain na mapagkakakitaan. (Deut. 8:18)

13. Diyos na makapangyarihan, dalangin namin na pagpalain Mo ang mga taong nagugutom sa Mali. Hindi nila maani ang kanilang mga pananim sanhi ng digmaan. (2 Kings 6:25-27)

14. Ama naming nasa langit, dalangin namin na bigyan Mo ng lubos na pagkakaisa ang katawan ni Kristo, ang mga simbahan sa Gabon. (John 17:20-23)

15. Panginoon, palayin mo nawa ang bansa at ang mga tao sa Cameron mula sa kasamaan. Nawa ang mga tao ay mapalaya sa pangalan ni Hesus. (Matt. 6 :13)

16. Ang ilang ritwal ng okultismo sa Africa ay nagiging dahilan upang mapatay ang ilang kababaihan bilang sakripisyo. Ama, wakasan mo nawa ang kasamaang ito! (Lev. 20:2-3)

17. Panginoon, dalangin namin ang mga kabataan at batang babae sa Liberia na nawa ay magtiwala sila sa Iyo at maghintay na ikaw ang magbibigay sa kanila ng tamang kapareha sa buhay. (Ps. 118:8)

18. Ang karahasan sa hilaga at ibang bahagi ng Nigeria ay naging dahilan upang mawalan ng tahanan ang maraming mga kababaihan, kabilang ang mga biyuda. Ama, himukin mo ang mga opisyal na gawin ang tamang aksyon para masugpo ang mapanirang kaguluhang ito. (Prov. 21:1)

19. Panginoon, bigyan mo nawa ang mga manggagawa ng TWR Women of Hope ng karunungan sa kanilang pagnanais na makabuo ng grupo ng mga tagapakinig sa mga rural na bahagi ng Côte d'Ivoire. (Prov. 2:6)

20. Banal na Diyos, ipakita Mo ang iyong kapangyarihan na wawasak sa mga Satanic altar, sa kanilang mga pinagkukutaan at sa mga diyus-diyosan ng Gabon. (Judg. 6:25)

21. Panginoon, dalangin namin ang mga lumalaking bilang ng mga biyuda at mga ulila dahil sa labanan sa Mali. Bigyan Mo nawa sila ng Iyong pag-asa at seguridad. (Ps. 68:5)